

UPDATE SA COVID-19

SHELTER IN PLACE: MGA KAILANGANG MALAMAN

PAGHAHAIN NG REKLAMO LABAN SA ISANG EMPLOYER PARA SA MGA PAGKABAHALA SA KALIGTASAN NG LUGAR NG TRABAHO SA COVID-19

Ang Sangay ng California sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (California Division of Occupational Safety and Health, Cal/OSHA) ay mayroong

- (1) Mga gabay para sa mga employer sa kaligtasan ng mga nagtatrabaho upang mapigilan ang pagkahawa sa COVID-19
<https://www.dir.ca.gov/dosh/coronavirus/General-Industry.html>
<https://www.dir.ca.gov/dosh/Coronavirus/CoronaTri-GISO-03.16.2020-ADA.pdf>

- (2) Impormasyon tungkol sa kung paano maghain ng reklamo sa pamamagitan ng telepono o email
<https://www.dir.ca.gov/dosh/Complaint.htm>
Oakland District Office, 1515 Clay Street, Suite 1303, Oakland CA, 94612
Upang maghain ng reklamo, tumawag sa (510) 622-2916 o mag e-mail sa doshoak@dir.ca.gov

Karapatan upang Maghain ng Reklamo: Ang Batas sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho ng California na ipinasa noong 1973 ay nagbibigay sa mga nagtatrabaho ng karapatan na magreklamo tungkol sa mga panganib sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho.

Ang mga Pangalan ng mga Nagreklamo ay Pananatiliing Lihim: Ang pangalan ng sinumang tao na magsusumite ng reklamo sa Cal/OSHA ay pananatiliing lihim sa ilalim ng batas maliban na lang kung hingin ng taong ito ang kabaligtaran.

Tandaan: ang mga gabay ay batay sa mga rekomendasyon mga Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil ng mga Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) at nagbibigay ng iba't ibang antas ng panukalang proteksyon na nakadepende sa lugar ng trabaho, katulad ng mga kapaligiran sa pangangalaga ng kalusugan, mga kulungan, mga homeless shelters, mga programa ng paggamot sa droga. Dagdag pa dito, mayroong mga pangkalahatang gabay para sa mga lugar ng trabaho na inilagay sa kategorya na "Mga Employer na Hindi Sakop ng mga Pamantayan ng ADT." Mayroon ding karagdagang mga gabay para sa mga kapaligiran ng trabaho kung saan mayroong malaking panganib ng pagkahawa sa COVID-19 (halibawa, isang lugar ng trabaho kung saan ang mga empleyado ay may malapit na pakikipag-ugnay sa maraming mga tao sa buong araw).

MANATILING MAY ALAM

Ang impormasyon ay nagbabago ng madalas. Tumawag sa 2-1-1 o mag-text ng "COVID19" o "coronavirus" sa 211211 upang makatanggap ng pangkalahatang impormasyon.

Tignan at mag-subscribe sa website at social media pages ng Pampublikong Kalusugan:

Website: <http://www.acphd.org>

Twitter: @Dare2BWell

